# National ID system suportado ni Joy B

Pinuri ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte si President Rodrigo Duterte dahil sa pagpirma nito sa Philippine Identification System Act.

Anya, suportado rin niya ang mandato nito para labanan ang mga krimen at terorismo sa bansa.

"I'm in favor of the national ID system because I think that it is important that every citizen has proper identification and can be traced. When a citizen has not done anything wrong, there is nothing to fear," pahayag ni Belmonte.

Sinabi ni Belmonte na "very timely" ang pagpapalabas ng sistemang ito dahil sa patuloy na "heightened alert" na inanunsyo sa Metro Manila ng National Capital Region Police Office ( NCRPO ) kasunod ang pagsabog ng van sa Basilan kung saan 10 katao ang namatay.

Malaki rin ang paniwala ni Belmonte na ang implementasyon ng bagong batas ay dapat na isabay sa tuluy-tuloy na "internal cleansing" sa kapulisan.

"With this drive of the president to eradicate criminal activity, to eradicate terrorism, and to discipline our police, our regular citizens don't need to fear that law enforcement agencies will abuse power and do something that's not good to the citizens," dagdag ni Belmonte.

Inilahad din ni Belmonte ang kanyang papuri sa pagsisikap ng kapulisan na tanggalin ang mga tiwali sa ranggo.

Bilang pinuno ng Quezon City Anti-Drug Abuse Advisory Council (QCADAAC), malugod na nakikipagtulungan si Belmonte sa Quezon City Police para sa pagpapalakas ng "anti-drug drive" ng lokal na pamahalaan at sa "community-based drug rehabilitation and treatment program na naglalayong maghandog ng bagong buhay sa mga sumuko sa 'Oplan Tokhang'. *(Angie dela Cruz)*

PRINTED FROM PRESSREADER